



County of San Diego

HA DANG
AGRIKULTURAL NA KOMISYONER/
TAGASARA NG MGA TIMBANG AT SUKAT

DEPARTAMENTO NG AGRIKULTURA, MGA TIMBANG AT SUKAT
9325 HAZARD WAY, STE. 100, SAN DIEGO, CA 92123-1217
(858) 694-2739
FAX (858) 467-9697
<http://www.sdcawm.org>

MĒGAN MOORE
KATULONG NA AGRIKULTURAL NA
KOMISYONER/
TAGASARA NG MGA TIMBANG AT SUKAT

Pebrero 28, 2022

IMBITASYON - MGA WORKSHOP NG PANUKALA NG MGA BAYAD

Ang Departamento ng Agrikultura, Timbang at Sukat (Department of Agriculture, Weights and Measures o AWM) ng County ng San Diego ay nakatuon sa patuloy na pagbibigay ng mahahalagang serbisyo na sumusuporta sa kumpiyansa ng mamimili at patas na kompetisyon sa negosyo para sa rehiyon ng San Diego.

Alam namin ang mga epekto ng pandemya sa mga kontroladong negosyo ngunit para makapagbigay ng mga de-kalidad na serbisyo sa iyo at sa iba pang miyembro ng kontroladong industriya, kailangan ng AWM ang mga mapagkukunan upang masuportahan namin ang pagpapatuloy ng iyong negosyo at ang pagbawi ng ekonomiya sa rehiyon. Ang AWM ay sensitibo din sa mga kostomer na nagsaad ng kagustuhan para sa taunang mga update sa bayarin upang payagan ang mga negosyo na magplano para sa mga pagsasaayos ng bayad

Ang panukalang ito ay nagpapakita rin ng pangako ng AWM sa Lupon ng mga Superbisor (Lupon) na ang pagbawi sa gastos ay isang karaniwang bahagi ng negosyo sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagsunod sa Board B-29 - *Mga Bayad, Mga Grant, Mga Kontrata ng Kita - Responsibilidad ng Departamento para sa Pagbawi ng Gastos*. (*Fees, Grants, Revenue Contracts - Department Responsibility for Cost Recovery*.) Ang patakarang ito ay inaatasan ang mga departamento na bawiin ang halaga ng mga serbisyo mula sa mga indibidwal o entidad na tumatanggap at nakikinabang mula sa mga serbisyong ibinigay; anumang pagbubukod sa mga ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng Lupon. Ang panukalang bayad na ito ay iniayon ang mga kinakailangang mapagkukunan sa antas ng kalidad ng serbisyo at kumakatawan sa pagbawi sa gastos bilang isang karaniwang bahagi ng pamamahala sa pananalapi ng AWM.

Ang huling panukala sa pagbawi ng gastos ay inaprubahan ng Lupon noong Mayo 5, 2021, para sa kasalukuyang Piskal na Taon 2021-22. Ang mga bayarin na iminungkahi para sa Piskal na Taon 2022-23 ay kakailanganin upang matugunan ang mga pagtaas ng gastos batay sa mga gastos sa pagreretiro at mga inaasahang napagkasunduang kasunduan sa paggawa. Ang mga iminungkahing bayarin na nakalista sa pahina 2 ay para sa Piskal na Taon 2022-23 at hindi tumutugon sa mga pagtaas ng gastos batay sa mga napagkasunduang kasunduan sa paggawa, dahil sa tiyempo ng panukalang bayad at ang mga negosyon sa pagtrabaho na kasalukuyang nasa proseso. Sa halip, ang panukala ay sumasalamin sa mga karaniwang pagpapalagay ng County. Ang anumang hindi nabawi na pagtaas ng gastos dahil sa mga naaprubahang negosyon sa paggawa ay makikita sa mga panukala sa bayad sa hinaharap.

Ang AWM ay nagsikap upang pigilan ang mga gastos kung posible sa pamamagitan ng mga pagpapabuti sa proseso ng negosyo upang mapabuti ang kahusayan, gamitin ang teknolohiya upang isaayos ang mga operasyon, mapabuti ang serbisyo sa kostomer, at palawakin ang pagsunod. Ang ilan sa mga hakbang sa pagpigil sa gastos ay kinabibilangan ng paggamit ng mga aplikasyon para sa mahusay na inspeksyon, pinahusay na serbisyo sa kostomer, at isinaayos na pagsubaybay sa imbentaryo ng submetro. Bilang

resulta, inilapat ng AWM ang mga pagtitipid sa gastos na nagmula sa mga kahusayan sa pagpapatakbo kung saan naaangkop upang mabawasan ang mga pagtaas ng gastos.

Batay sa pagsusuri sa gastos ngayong taon, ang AWM ay nagmumungkahi ng mga pagtaas sa 3 mga bayarin, habang iniwan ang 42 mga bayarin na hindi nagbabago 41 sa mga ito ay nilimitahan ng Estado. Naaangkop ang panukalang ito sa mga bayad na nauugnay sa mga bayarin sa pagpaparehistro at mga kabayaran bawat oras ng muling pag-iinspeksyon para sa Pagberipika ng Presyo (Price Verification) at sa kabayaran bawat oras para sa hiniling na inspeksyon ng mga submeter ng tubig at mga hindi pangkomersyal na kagamitan. Sa karaniwan, ang pagtaas sa mga bayarin ay \$2 para sa pangkalahatang pagsasaayos na humigit-kumulang 2.4%.

Ipakikita namin sa Lupon ng mga Superbisor ng County ang mga sumusunod na pagsasaayos ng bayad para sa mga programa sa ibaba sa Abril 6 at Abril 27, 2022, para maging epektibo ang pag-apruba sa Hulyo 1, 2022. Ang mga pagsasaayos ng bayad ay ang mga sumusunod:

Beripikasyon ng Presyo Taunang Pagpaparehistro (Price Verification Annual Registration)	Kasalukuyang Bayad	Bagong Bayad	Pagbabago
Tier 1 Pagpaparehistro (1-3 Mga Istasyon sa Punto-ng-Pagbenta) (Registration) (1-3 Point-of-Sale Stations)	\$149	\$155	\$6
Tier 2 Pagpaparehistro (4-9 Mga Istasyon sa Punto-ng-Pagbenta) (Registration) (4-9 Point-of-Sale Stations)	\$204	\$210	\$6
Tier 3 Pagpaparehistro (Registration) (10 o higit pang Mga Istasyon ng Punto-ng-Pagbenta)	\$256	\$263	\$7
Muling-pag-inspeksyon Kabayaran-Bawat-Oras para sa Hindi Pagsunod (Re-inspection Hourly Rate for Non-compliance)	\$156	\$156	\$0

Mga Pang-komersyal na Timbang at Sukat na mga Kagamitan (Commercial Weights & Measure Devices)			
Inspeksyon sa Hindi-Pang-Komersyal na Kagamitan Kabayaran Bawat Oras (Non-Commercial Device Inspection Hourly Rate)	\$156	\$156	\$0
Hindi Nakarehistro na Submeter ng Tubig Kabayaran-Bawat-Oras (Non-Registered Water Submeter Fee Hourly Rate)	\$156	\$156	\$0

Iniimbitahan kang dumalo sa isa sa mga workshop sa ibaba upang mabigyan ka namin ng karagdagang impormasyon at masagot ang iyong mga katanungan. Ang nilalaman ng mga workshop na ibibigay ay magiging pareho at dalawang magkaibang petsa na nakalista sa ibaba upang matugunan ang iyong iskedyul.

Kailan: Martes, Marso 15, 2022
Oras: **alas 2:00 ng hapon – alas 3:00 ng hapon**
Ipasok ang Zoom Link
Link ng <https://zoom.us/j/96997701726?pwd=a2tPL09BMIF6a3g4V1IKWG9Fem1ldz09>
Pulong:
Website: <https://www.sandiegocounty.gov/awm/>
Sagot sa
Imbitasyon
(RSVP): (858) 694-2778 or sdcawm@sdcountry.ca.gov

Kailan: Huwebes, Marso 17, 2022
Oras: **alas 2:00 ng hapon – alas 3:00 ng hapon**
Ipasok ang Zoom Link
Link ng <https://zoom.us/j/96398963333?pwd=cEpQdkRQemdQWWQvOVB5ZEJQZFJnQT09>
Pulong:
Website: <https://www.sandiegocounty.gov/awm/>
Sagot sa
Imbitasyon
(RSVP): (858) 694-2778 or sdcawm@sdcountry.ca.gov

Ang mga workshop ay birtuwal na gaganapin at ang isang link sa mga pagpupulong na ito ay makukuha sa website ng AWM, <https://www.sandiegocounty.gov/awm/>, kung saan maa-akses mo ang pulong sa mga tinukoy na petsa at oras.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga bayarin, mangyaring makipag-ugnayan sa Deputy Sealer ng mga Timbang at Sukat na si Austin Shepherd sa pamamagitan ng telepono sa (858) 614-7726 o sa pamamagitan ng email sa Austin.Shepherd@sdcountry.ca.gov.

Mga Madalas Itanong

1. Bakit nagmumungkahi ang AWM ng mga pagsasaayos ng bayad kung ang mga negosyo ay naapektuhan ng COVID?

Alam namin ang mga epekto ng pandemya sa mga kontroladong negosyo, ngunit para makapagbigay ng mga de-kalidad na serbisyo sa iyo at sa iba pang miyembro ng kontroladong industriya, kailangan ng AWM ang mga mapagkukunan upang masuportahan namin ang iyong pagpapatuloy ng negosyo at ang pagbawi ng ekonomiya sa rehiyon. Bilang karagdagan, ang aming mga kostomer ay nagpahayag ng kanilang kagustuhan para sa taunang mga update sa bayarin upang payagan silang magplano para sa mga pagsasaayos ng bayad. Ang panukalang ito ay nagpapakita rin ng pangako ng AWM sa Lupon na ang pagbawi sa gastos ay isang karaniwang bahagi ng negosyo upang matiyak ang pagsunod sa Patakarang ng Lupon B-29 *Mga Bayad, Mga Gawad, Mga Kontrata ng Kita - Responsibilidad ng Departamento para sa Pagbawi ng Gastos*. (Fees, Grants, Revenue Contracts - Department Responsibility for Cost Recovery) Ang patakarang ito ay inatasan ang mga departamento na bawiin ang halaga ng mga serbisyo mula sa mga indibidwal o entidad na tumatanggap at nakikinabang mula sa mga serbisyong ibinigay; anumang pagbubukod ay nangangailangan ng pag-apruba ng Lupon. Ang panukalang bayad na ito ay iniayon ang mga kinakailangang mapagkukunan sa antas ng kalidad ng serbisyo at kumakatawan sa pagbawi sa gastos bilang isang karaniwang bahagi ng pamamahala sa pananalapi ng AWM.

Ang huling panukala sa pagbawi ng gastos ay inaprubahan ng Lupon noong Mayo 5, 2021, para sa Piskal na Taon 2021-22. Ang mga bayarin na iminumungkahi para sa Piskal na Taon 2022-23 ay kinakailangan upang matugunan ang mga pagtaas ng gastos batay sa mga gastos sa pagreretiro, inaasahang napagkasunduang mga kasunduan sa pagtrabaho, at upang matiyak ang pagsunod sa Patakaran ng Lupon B-29. Ang mga iminungkahing bayarin na nakalista sa pahina 2 ay para sa Piskal na Taon 2022-23 at hindi tumutugon sa mga pagtaas ng gastos batay sa mga napagkasunduang kasunduan sa pagtrabaho dahil sa tiyempo ng panukalang bayad at mga negosasyon sa pagtrabaho ngunit sa halip, ang panukala ay sumasalamin sa karaniwang mga pagpapalagay ng County. Ang anumang hindi nabawi na pagtaas ng gastos dahil sa mga naaprubahang negosasyon sa paggawa ay makikita sa mga panukala sa bayad sa hinaharap.

2. Ano ang ginawa ng AWM para mapigilan ang mga gastos?

Ang pagsasanay ng pagtutuo sa patuloy na pagpapabuti, pagpapatupad ng mga kahusayan sa pagpapatakbo, at pagbibigay-prioridad sa mga mapagkukunan sa mga pangunahing lugar ay naglagay sa AWM sa posisyon upang tumugon sa mga pangangailangan ng kostomer at mga pagbabago sa regulasyon. Ang AWM ay nakatuon sa patuloy na pagpapabuti ng mga kasosyo sa patalastas kasama ang mga stakeholder upang matukoy ang mga oportunidad at mga lugar para sa pagpapabuti. Nagsusumikap ang AWM na pahusayin ang pagiging epektibo at kahusayan ng programa upang makamit ang mga positibong resulta at isang kolektibong epekto. Mula noong huling panukalang bayad, pinahusay ng AWM ang kahusayan sa pagpapatakbo sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at pagsasaayos ng mga proseso. Kasama sa mga inobasyon ang mga app para sa pag-inspeksyon sa field, serbisyo sa kostomer, at pagsubaybay sa imbentaryo ng submeter. Nagresulta ito sa taunang pagtitipid na \$23,985, na kung wala ang mga bayarin ay karaniwang tataas ng karagdagang 3%.

3. Paano nabuo ang panukalang bayad?

Ang AWM ay nagsasagawa ng taunang pagsusuri ng mga programa nito kabilang ang pagrepaso sa mga mandato ng estado, mga pagpapatakbo ng programa, mga dalas ng inspeksyon, mga antas ng serbisyo, at pagtaguyod ng pamantayan upang makakuha ng komprehensibong pag-unawa sa kung paano maihahambing ang aming mga bayarin sa mga katulad na ibang mga county. Isinaalang-alang namin ang mga inaasahang gastos sa programa para sa Piskal na Taon 2022-23 at inilapat ang inaasahang pagtitipid sa gastos dahil sa mga kahusayan sa pagpapatakbo upang matukoy ang mga iminungkahing pagsasaayos ng bayad. Ang panukalang bayad na ito ay hindi tumutugon sa mga pagtaas ng gastos batay sa napag-usapan na mga kasunduan sa pagtrabaho dahil sa tiyempo ng panukalang bayad at mga negosasyon sa pagtrabaho ngunit sa halip, ang panukala ay sumasalamin sa mga karaniwang pagpapalagay na ginawa ng County. Ang mga tumaas na gastos dahil sa mga naaprubahang negosasyon sa pagtrabaho ay makikita sa mga panukalang bayad sa hinaharap. Sinuri ng Auditor at Controller ng County ang sumusuportang dokumentasyon at ang pamamaraan sa panukalang ito upang matiyak ang pagsunod sa mga patakaran ng County.